

ENERO 2022

Kahilingan sa Panalangin para sa America

1. Panginoon, bigyan mo ng katatagan at pang-unawa tungkol sa kanilang tunay na kaugnayan sa Iyo ang mga kabataang babae sa Latin America. Nawa ang katotohanang ito ay magpatahimik sa mga sumasalungat na tinig na kanilang naririnig, lalo na sa panahon ng kanilang pagdadalaga. (Ps. 139:13-14)
2. Panginoon, ang Venezuela ay patuloy na humaharap sa krisis ng ekonomiya. Pagkalooban Mo nawa ang kanilang pamilya ng kanilang mga pangunahing pangangailangan. (Matt. 6:31-33)
3. Ama, nawa ay makasumpung ng tulong mula sa Iyo ang mga pamilya sa Mexico na napilitang manatili sa loob ng bahay dahil sa pandemya. Magdala ka nawa ng kagalingan sa mga pamilya kung saan nangyayari ang mga karahasan sa loob mismo ng kanilang tahanan. (Jer. 33:6)
4. Ang prostitusyon ay talamak sa mga dulong bahagi ng Latin America. Nawa, ang mga kawawang kababaihan sa lugar na ito ay magkaroon ng pagkakataon upang makapag-aral at magkaroon ng maayos na trabaho upang hindi na sila kinakailangan pang maging bayarang babae para lamang masuportahan ang kanilang pamilya (Rom. 8:32)
5. Ama, ingatan mo ang mga babaeng Columbian na ang pamilya ay biktima ng pangangalakal ng ipinagbabawal na gamot. Nawa ay hindi sila maabuso at sana ay madinig nila at ng kanilang pamilya ang tungkol kay Jesus. (Ps. 91:1-16)
6. Nagpapasalamat kami, Panginoon, sa pagbubukas mo ng mga pintuan sa Paraguay upang maibalik nila ang kanilang ministeryo sa bilangguan ng House of the Good Shepherd. Ipakita mo nawa ang Iyong pag-ibig at kabanalan sa mga kababaihang ito. (Ps. 68:5-6)
7. Ama, bigyan mo nawa ang mga kababaihan sa Panama ng karunungan upang hindi sila madaya na tumanggap ng mga alok na trabaho na nangangako ng mataas na sweldo subalit sa katotohanan, ito ay mga trabaho tungkol sa prostitusyon at sex trafficking. (Eph. 5:6-10)
8. Panginoon, aliwin mo ang mga Kristianong kababaihan sa Uruguay na nawalan ng mahal sa buhay dahil sa pandemya. Sa kalungkutang nararanasan nila ngayon, nawa ay tumingin sila sa Iyo upang magkaroon ng panibagong lakas. (John 16:22)
9. Ama, nawa ang mga dayuhang kababaihan sa Spain at Latin America ay matuto ng wika at mga mahalagang kultura ng lugar na kanilang tinitirhan upang maharap nila ang mga hamon ng kanilang bagong buhay. (Phil. 4:13)
10. Panginoon, dalangin namin na ingatan mo ang pamilya ng mga solong magulang sa Latin America. Pagkalooban mo nawa sila ng lahat ng kanilang mga pangangailangan upang maibigay nila ang nararapat na pag-ibig, atensyon at pangangalaga sa kanilang pamilya. (Isa. 54:17)
11. Panginoon, hinihiling namin na ipagkaloob mo ang mga pangangailangan ng mga kababaihan na nawalan ng trabaho dahil sa pandemya ng COVID-19. (Phil 4:19)
12. Ama, dalangin namin ang iyong gabay at karunungan sa mga taong nagmiministeryo sa mga kababaihan sa Bonaire na lulong sa ipinagbabawal na gamot. Nawa ay matuklasan ng Iyong mga lingkod ang pinagmumulan ng mga suliranin ito upang sila ay matulungang makalaya. (2 Tim. 3:16-17)
13. Ama, dalangin namin ang mga kababaihang naging biktima ng karahasan sa Dominican Republic. Marami ay binubugbog at ang ilan ay napatay na ng kanilang ka-partner. (Isa. 41:10)
14. Makapangyarihang Diyos, bigyan mo po ng karunungan ang mga pinuno ng gobyerno sa Bonaire upang matugunan ang mga hamon na kanilang hinaharap habang hinahati nila ang kanilang oras para sa tahanan, pamilya at trabaho. (James 1:5)
15. Panginoon, bigyan mo si Dr. Peggy Banks ng Iyong pangitain kung paano mapapaunlad ang pandaigdigang ministeryo ng TWR Women of Hope. Pagkalooban Mo siya ng karunungan sa kanyang paglilingkod at pangunguna sa pangkalahatang grupo ng mga tagapanguna. (Prov. 4:11)
16. Mahal naming Diyos, palakasin Mo ang relasyon

- sa Iyo at sa isa't isa ng mga mag-asawa sa Latin America. Pagkalooban Mo sila ng biyaya upang manatili silang matatag laban sa lahat ng maaaring sumira sa kanilang pagsasama. (2 Cor. 8:7)
17. Panginoon, dalangin namin na nawa ay magkaroon ng katarungan sa nagaganap na pagpatay sa mga kababaihan sa mga bansa ng Latin America. Nawa ay igalang ng lahat ang karapatan ng mga kababaihan. (Isa. 1:17)
 18. Salamat, Panginoon, dahil sa Uruguay, ang programang *Women of Hope* ay naisasahimpapawid dalawang beses isang linggo sa radyo at ganundin sa internet. (Ps. 100:4-5)
 19. Ama, dalangin namin na sana ang mga kababaihan sa Bolivia ay makapag-aral at magkaroon ng pagkakataon na makahanap ng maayos na trabaho. Ilapit Mo sila sa iyo at palakasin Mo sila habang sila naman ay nag-aalaga sa kanilang mga pamilya. (Josh. 1:8)
 20. Banal na Diyos, itinataas namin sa Iyo ang grupo na naglilingkod sa mga kababaihan sa Canada sa kanilang pagbabahagi ng mga pangangailangan ng mga kababaihan sa buong mundo sa mga tao at sa mga Iglesya sa iba't ibang bansa. (Acts 1:8)
 21. Panginoon, dalangin namin na nawa ang mga kumpanya sa Brazil ay magkaroon ng ligtas na lugar para sa mga manggagawang babae dahil 47% ng mga nagtatrabahong kababaihan doon ay nakakaranas ng karahasang seksual sa kanilang pagtatrabaho. Nawa ay maparusahan ang mga gumagawa ng karahasan. (Ps. 9:9)
 22. Panginoon, sa pagrerecord namin ng bawat programa sa Latin America, nawa ay maging kaisa kami ni Apostol Pablo sa pananalangin "bigyan nawa ako ng Dios ng wastong pananalita para maipahayag ko nang buong tapang ang Magandang Balita" (Eph. 6:19). Nawa sa pamamagitan ng mga salitang ito ay magbago ang buhay ng mga kababaihan.
 23. Panginoon, dalangin namin ang mga kababaihan na naging biktima ng pangangalakal na ngayon ay nasa ilalim ng pangangalaga ng mga samahang Cristiano. Sana ay bigyan Mo sila ng kagalingan sa dinaranas nilang trauma mula sa karahasan. (Jer. 17:14)
 24. Panginoon, mangusap ka sa puso ng iyong piniling mga kababaihan upang manindigan at pangunahan ang ministeryo ng TWR Women of Hope sa maraming bansa ng Latin America at ng Caribbean. (Matt. 7:7-8)
 25. Hinihiling namin sa iyo, Ama, na ipagkaloob mo ang lahat ng mga pangangailangan upang maisagawa ang bawat proyekto ng TWR Women of Hope sa Paraguay. (2 Cor. 9:8)
 26. Ama, hinihiling namin na sana ay marami pang tagapakinig ng programa ng *Women of Hope* sa wikang Guarani sa *Kuñá Paraguai*, Paraguay, ay maibahagi sa iba kung paanong ang programa ay nakakatulong sa kanilang pang-araw-araw na buhay. (1 Cor. 15:58)
 27. Ama, nawa ang mga tagapanguna ng TWR Women of Hope sa Bonaire ay magpakita ng katapangan, pag-asa, pagbibigay at kabutihan sa iba. (Col. 3:12)
 28. Panginoon, pagkalooban Mo nawa ng trabaho ang mga kababaihan sa Colombia dahil ang populasyon ng mga kababaihan ay nagtala ng dobleng bilang ng kawalang trabaho kaysa sa mga kalalakihan, isang sitwasyon na lalong lumala dahil sa pandemya. (Jer. 29:11)
 29. Pinupuri ka namin, Jesus, sa buhay ng mga kababaihang Uruguyan na nakikinig ng mga programa ng *Women of Hope* at nakikipag-ugnayan sa atin upang lalo pang matuto ng tungkol sa Diyos at kay Jesu-Cristo. (Rom. 10:17)
 30. Mahal naming Diyos, hinihiling namin na ang mga Cristianong kababaihan na kalahok sa politika sa Dominican Republic ay makasumpong ng karunungan at gabay mula sa Iyo sa pagganap nila ng kanilang mga tungkulin. (Prov. 2:6)
 31. Pinupuri ka namin, Panginoon, dahil sa katapatan ng bawat isang tagapanalangin na sumasama sa ating araw araw na pananalangin sa pamamagitan ng TWR Women of Hope prayer calendar. (Rom. 12:12)